**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 02-060**

**KAUTUSAN NA NAGTATALAGA NG PANGALANG "KONSEHAL ALEJANDRO L. MARTINEZ STREET" SA PALIKO CREEK, BULI, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

**************************************************************************

Ipinanukala ng:
*Kon. Mario E. Bulay, Jr.*
*Kon. Lucio B. Constantino*
*Kon. Mamerto T. Sevilla, Jr.*
*Kon. Rufino B. Joaquin*
*Kon. Francis Ian T. Bagatsing*
*Kon. Rene Carl S. Cayetano*
*Kon. Artemio A. Simundac*
*Kon. Aldrin L. San Pedro*
*Kon. Nicanor L. Echavez, M.D.*
*Kon. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kon. Allan Rey A. Camilon*
*Kon. Mggl. Raul R. Corro*
*Kon. Melchor R. Teves*
*Kon. Mggl Icasiano M. Dela Rea*

**************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng **Seksiyon 13 (b) (2) ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991,** ang Sangguniang Panlungsod sa mga siyudad na lubhang urbanisado (highly urbanized cities) at sa magkakasamang lungsod (component cities) kung saan ipinagbabawal sa kontrata (charter) nito sa kanilang mga botante na bumoto ng panlalawigang opisyales (provincial elective officials), na tinutukoy sa Kodigong ito bilang isang magkasamang lungsod na nagsasarili (independent component cities), sa pakikipagkonsultasyon sa Philippine Historical Commission, ay maaring magbago ng pangalan sa mga sumusunod na nasasakupang hurisdiksiyon:

(2) Panlungsod na mga daan, kalye at tulay;

(5) Iba pang pampublikong lugar xxxxx na pag-aari ng pamahalaang lungsod;

**SAPAGKAT,** si **Konsehal Alejandro L. Martinez** ay naglingkod bilang Kasapi ng Sanggunian sa loob ng tatlong termino, mula sa taong 1988 hanggang sa taong 1998 at bilang Tagapangulo ng Komite ng Inhinyeriya, Pampublikong Pagawain at Inpraistruktura ay ipinaglaban niya sa konseho ang pagpapagawa ng kalsada (culvert type) sa dakong silangang hanggang kanlurang bahagi ng Paliko River sa pagitan ng Buli at Cupang sa pamamagitan ng pagpapatibay ng **Kapasiyahang Panlungsod Blg. 96-287** at **Kautusang Panlungsod Blg. 97-14;**

**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ni Konsehal Martinez noong Oktubre 6, 2000 ay hindi naging hadlang upang hindi maisakatuparan ang kanyang ipinaglalaban na maging daan ang Paliko Creek dahil sa pamamagitan ng pagpapatibay ng **Kapasiyahang Panlungsod Blg. 01-340** ay naglalaan ang Pamahalaang Lungsod ng halagang **Walong Milyon Dalawang Daan at Pitumpung Libong Piso (P8,270,000.00)** para sa pagsasakatuparan ng nasabing proyekto;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**



**SAPAGKAT,** nararapat lamang bigyan ng pagkilala at parangal ang katapatan sa panunungkulan ng yumaong **Konsehal Alejandro L. Martinez** upang magsilbing inspirasyon ng bawat mamamayan sa Lungsod ng Muntinlupa;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na pagtibayin ang pagtatalaga ng pangalang ***"Konsehal Alejandro L. Martinez Street"*** sa Paliko Creek, Buli, Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGPASIYAHAN PA,** na bigyan ng sipi ng Kautusang ito ang Post Office, Philippine Historical Commission (PHC) at lahat ng kinauukulang ahensiya ng pamahalaan para sa kanilang mahalagang kaalaman.

**PINAGTIBAY,** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong ika-**12** ng **Setyembre, 2002** sa ginanap na ika-**47** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**FRANCIS IANT T. BAGATSING**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos.:842-27-11 • 842-23-77
FAX No.: 842-6196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**



**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**LIBAN:**

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kautusang ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR.**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON P. ALCARAZ** PCM
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ____________

**PBS, JR/04/23/02**
***Nory***

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos.:842-27-11 • 842-23-77
FAX No.: 842-6196